# Ginagawa mo ba ang kalooban ng Diyos Yugto 1

"26 Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao. 27 Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Dios." (Mga Gawa 20:26-27)

Sinabi ni Pablo sa mga taga Epeso na hindi siya nagaalinlangang ipangaral sa kanila ang buong payo ng Diyos. Bakit iyon ay isang bagay na pinakamahalaga kay Pablo, at mahalaga para sa simbahan upang ipahayag ang buong payo ng Diyos o ang buong kalooban ng Diyos? Malalaman mo qng sagot sa talata 26 nang sinabi ni Pablo sa mga taga Epeso, "26 Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao. 27 Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Dios."(Mga Gawa 20:26-27)

Sa sandaling ipahayag natin sa mga tao ang buong kalooban ng Diyos wala na tayong pananagutan sa harapan ng Diyos para sa kanilang mga buhay. Kung sila'y susunod sa mga utos sila'y pagpapalain at kung sila'y hindi susunod, sa gayon sila'y nagkakasala laban sa atin at laban sa Diyos at tatawagin Niya sila sa isang pananagutan. Ito ay napakahalagang gawin at mabuhay ayon sa kalooban ng Diyos. "17 At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man."(1 Juan 2:17) Isang araw ang buong sanglibutan ay maglalaho, ngunit tayo na ginawa ang buong kalooban ng Diyos ay tatayo sa Diyos at magpakailanman.

"3 Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na Ama, at sa ating Panginoong Jesucristo, 4 Na siyang nagbigay sa kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas dito sa kasalukuyang masamang sanglibutan, ayon sa kalooban ng ating Dios at Ama: 5 Na sumakaniya ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa." (Galacia 1:3-5) Si Cristo ay namatay para sa akin at para sa iyong mga kasalanan, upang iligtas tayo at bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. At ito ay ang kalooban ng Diyos: bilang ibinigay ni Cristo ang Kanyang buhay sa atin kaya kailangan nating ibigay ang ating buhay para sa Kanya at para sa Kanyang layunin.

Sinabi ni Ananias kay ang Pablo ang sumusunod nang si Pablo ay nagsisi at nabautismuhan: "14 At sinabi niya, Ang Dios ng ating mga magulang ay itinalaga ka upang mapagkilala mo ang kaniyang kalooban, at makita mo ang Banal, at marinig mo ang isang tinig mula sa kaniyang bibig. 15 Sapagka't magiging saksi ka niya sa lahat ng mga tao tungkol sa mga bagay na iyong nakita at narinig. 16 At ngayon bakit ka tumitigil? magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa kaniyang pangalan." (Mga Gawa 22:14-16) Ito ay kalooban ng Diyos na malaman mo ang Kanyang kalooban upang marinig ang Kanyang Salita, na makita ang pangitain, at maging Kanyang patotoo sa iba at mabautismuhan.

"36 Sapagka't si David, nang maipaglingkod na niya sa kaniyang sariling lahi ang pasiya ng Dios, ay natulog, at isinama sa kaniyang mga magulang, at nakakita ng kabulukan."(Mga Gawa 13:36) Sa talatang ito ating mababasa na si David ay naglingkod sa kanyang henerasyon sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos. Sumulat din si Pablo sa mga taga Filipos ng sumusunod: "13 Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban." (Filipos 2:13) Sa gayon tayo ay tinawag upang maglingkod sa mga taong nasa paligid natin sa kalooban ng Diyos. Hindi sa mga taong gusto o nais bagkus upang ibahagi sa kanila ang kalooban ng Diyos, at sa ganoon kailangan nating isangkot ang ating sarili ng ganap sa Diyos upang gawin ang buong kalooban ng Diyos.

"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:1-2) Ang paraan dito upang maranasan at malaman ang kasiya siya at perpektong kalooban ng Diyos ay sa pagsunod sa mga sumusunod:

1. Upang ihandog ang mga bahagi ng iyong mga katawan sa Panginoon bilang isang buhay na handog.
2. Huwag nang umayon sa huwaran sa sanglibutang ito.
3. Upang mabago sa pagbabago ng iyong isip.

Si Jesus ay nagbibigay ng pinakamataas na paggalang at pagpapahalaga sa mga taong gumagawa ng kabuuan ng Diyos gaya ng ating mababasa rito, "33 At sinagot niya sila, at sinabi, Sino ang aking ina at aking mga kapatid? 34 At paglingap niya sa nangakaupo sa palibot niya, ay sinabi niya, Narito, ang aking ina at aking mga kapatid! 35 Sapagka't sinomang gumaganap ng kalooban ng Dios, ito'y ang aking kapatid na lalake, at aking kapatid na babae, at ina."(Marcos 3:33-35) Kapag tayo sumusunod sa Diyos at patuloy na ginagawa ang Kanyang kalooban sa ating mga buhay, sa buhay ng mga tao na nasa ilalim ng ating pangangalaga at sa gawain na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, sa gayon tayo'y nagiging kapatid na lalake, na kapatid na babae at ina ni Jesus.

Sa mga nabubuhay para sa Diyos sila'y paparoon at kikilos sa buong kalooban ng Diyos at hindi nila gagawin ang kanilang pansarili. Ipinangako ni Pablo sa mga taga Epeso sa kanyang pagalis mula sa kanila na siya'y babalik sa kanila kung iyon ay kalooban ng Diyos, "21 Kundi nang siya'y nagpaalam sa kanila, at nagsabi, Babalik uli ako sa inyo kung loobin ng Dios, siya'y naglayag buhat sa Efeso." (Mga Gawa 18:21) Sa parehong paraan hindi dapat tayong lumipat sa mga lugar ng walang pahintulot ng Diyos at sa pagsangayon sa Kanyang kalooban.

Ito ay ang katulad sa kung anong ipinahayag ni Pablo sa mga taga Roma tungkol sa kanyang pagbisita sa kanila, na siya'y paroroon sa kanila kung iyon ay kalooban ng Diyos gaya ng ating mababasa rito: "10 At laging isinasamo ko, kung ngayon sa wakas sa anomang paraan ay magkapalad ako sa kalooban ng Dios na makarating sa inyo. "(Roma 1:10) "32 Upang sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, ako'y makarating sa inyo na may kagalakan, at ako'y makipamahinga sa inyo." (Roma 15:32)

"13 Magsiparito ngayon, kayong nagsisipagsabi, Ngayon o bukas ay magsisiparoon kami sa gayong bayan, at titira kami doong isang taon, at mangangalakal, at magtutubo: 14 Kayo ngang hindi nakaaalam ng mangyayari bukas. Ano ang inyong buhay? Kayo nga'y isang singaw na sa sangdaling panahon ay lumilitaw, at pagdaka'y napapawi. 15 Sapagka't ang dapat ninyong sabihin ay, Kung loloobin ng Panginoon ay mangabubuhay kami, at gagawin namin ito o yaon. 16 Datapuwa't ngayon ay nagmamapuri kayo sa inyong mga pagpapalalo: ang lahat ng ganitong pagmamapuri ay masama." (Santiago 4:13-16) Kaya anong ating matutunan dito ay ang paglalakbay sa mga lugar at pagsisimula ng negosyo, upang magbenta at bumili, ito ay depende sa kalooban ng Diyos at hindi maari gawin ang ating gusto. Ang pagyayabang at pagmamalaki ay kasalanan. Kahit na mayroong kang salapi at kung ikaw ay may mapagkukunan at mayroong kapangyarihan na kumilos, hindi ka dapat magpatuloy sa iyong plano maliban kung mayroon kang pahintulot ng Diyos.

Maraming mga tao na kumikilos at nagsasagawa at gumagawa ng ilang mga bagay, na kapag tiningan mo sila , ang mga bagay na ito ay sangayon sa Salita ng Diyos, ngunit ang mga ito'y salungat sa kalooban ng Diyos. Samakatuwid kailangan mong maging maingat. Hindi lahat ng bagay ng Salita ng Diyos ay pinapahintulotan kang gawin at hayaan ka para gawin. Ito ay maaring hindi kalooban ng Diyos para sayo. Ang nakasulat na Salita ay ang Salitang nakasulat na maguutos sayo na gawin ang tiyak na mga bagay. Ngunit ang Rhemang Salita ay kung ano sinasabi ng Banal na Espiritu sayo sa partikular na sandaling iyon at yaon ang kailangan mong ilapat. Kapag ang Rhemang Salita ay sumabay sa nakasulat na salita at umayon doon sa gayon ito ay ang kalooban ng Diyos.

"3 Sapagka't ito ang kalooban ng Dios, sa makatuwid baga'y ang inyong pagpapakabanal, na kayo'y magsiilag sa pakikiapid;" (1 Tesalonica 4:3) Ito ay kalooban ng Diyos sayo upang magsisi at malinis mula sa lahat ng iyong mga kasalanan. Ito ay ang kalooban ng Diyos na huwag ka magmadali para sa isang relasyon at mahulog sa kasalanan. Ito ay kalooban sayo ng Diyos na kailangan mong maghanda sa materyal at espirituwal bago ka magisip magasawa at magkaroon ng isang pamilya. Maging dalisay at malinis hanggang sa tamang panaho para sayo upang magkaroon ng isang pamilya. Ipapadala ng Diyos ang tamang kabiyak na iyong kailangan at Siya ang maghahanda para sayo.

"18 Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka't ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol sa inyo." (1 Tesalonica 5:18) Ang kahulugan ng pagbibigay pasasalamat sa Diyos sa lahat ng mga pangyayari ay yaong tanggapin mo ang kalooban ng Diyos sayo kay Cristo Jesus. Kahit na ito ay salungat sa iyong kalooban at sa iyong plano kailangang tanggapin mo parin iyon at magbigay pasasalamat sa Panginoon.

At kahit na ikaw ay nananalangin at ipinangako ang iyong sarili sa Diyos, sa gayon ipangako ang sarili sa Kanya ayon sa Kanyang kalooban at hindi sa iyong kalooban. Manalangin gaya ng panalangin ni Jesus sa Gethsemane. "36At kaniyang sinabi, Abba, Ama, may pangyayari sa iyo ang lahat ng mga bagay; ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y hindi ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Marcos 14:36)

Sa gayon tayo'y mananalangin ayon sa kalooban ng Diyos at habang tayo'y pinapangunahan ng Banal na Espiritu, "26 At gayon din naman ang Espiritu ay tumutulong sa ating kahinaan: sapagka't hindi tayo marunong manalangin ng nararapat; nguni't ang Espiritu rin ang namamagitan dahil sa atin ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita; 27 At ang nakasisiyasat ng mga puso'y nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagka't siya ang namamagitan dahil sa mga banal alinsunod sa kalooban ng Dios." (Roma 8;26-27)

Ganon din kailangan nating manalangin para sa mga alagad , sa mga bagong mananamapalataya at sa bagong mga kapisanan na nasa ilalim ng ating pangangalaga na kanilang ginagawa ang buong kalooban ng Diyos. Katulad ni Epafras na nanalangin para sa kanyang kapisana sa Colosas bilang pinapatoto ni Pablo ang tungkol sa kanya. "12 Binabati kayo ni Epafras, na isa sa inyo, na lingkod ni Cristo Jesus, na siyang laging nagsisikap dahil sa inyo sa kaniyang pananalangin, upang kayo'y magsitatag na mga sakdal at lubos na tiwasay sa lahat na kalooban ng Dios." (Colosas 4:12)

Ating inilalapat ang kalooban ng Diyos sa paraan na tayo'y naglilingkod at nagtatrabaho para sa iba gaya ng ating napagmasdan dito sa sumusunod na Kasulatan:

"5 Mga alipin, magsitalima kayo sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon, na may takot at panginginig, sa katapatan ng inyong puso, na gaya ng kay Cristo; 6 Hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao; kundi bagkus gaya ng mga alipin ni Cristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios; 7 Maglingkod na may mabuting kalooban, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao: 8 Yamang napagaalaman na anomang mabuting bagay na gawin ng bawa't isa, ay gayon din ang muling tatanggapin niya sa Panginoon, maging alipin o laya." (Epeso 6:5-8) Sa talata 5 inihabilin ni Apostol Pablo sa mga alipin na sumunod sa kanilang mga panginoon ng may takot at panginginig na parang sila'y sumusunod kay Cristo. Sa talata 6 ito ay nagtuturo na maglingkod ng maayos hindi lamang kapag ang kanilang mga panginoon ay nakatingin sa kanila upang pasiyahin lamang ang mga tao, bagkus gawin ang gawain ng masigasig gaya ng alipin ni Cristo, sapagkat sa paglilingkod mo ginagawa mo ang kalooban ng Diyos, sa gayon kailangan mong gawin ito at maglingkod ng buong puso sapagkat ayon sa talata 7 ikaw ay naglilingkod sa Panginoon at hindi sa tao. Nalalamang ayon sa talata 8 na anumang mabuti na iyong ginagawa iyong matatangap ang katulad mula sa Panginoon, alipin ka man o hindi. Kaya dito ang lahat ay nasa ilalim ni Cristo at tayo ay Kanyang mga lingkod kaya anuman ang ating ginagawa ginagawa natin ang gawain para kay Cristo, sa gayon kailangan nating gawin iyon ng maayos upang tayo'y pagpalain Niya.

"22 Mga alipin, magsitalima kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan ng puso, na mangatakot sa Panginoon: 23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo. 25Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao." (Colosas 3:22-25) Si Apostol Pablo sa talata 22 tinuruan niya ang kanyang mga alagad na kailangang sumunod sa kanilang mga panginoon, at kailangan nilang maglingkod ng maayos sa kanila, hindi lamang kapag ang kanilang mga mata ay nakatingin sa kanila gaya ng ilan sa kanila ay ginagawa, sa harapan ng kanilang amo sila'y nagtatrabaho ng napakaganda upang tumanggap ng kanyang pabor, ngunit sa kanyang kawalan walang silang pakialam tungkol sa bilang at kalidad ng trabaho, ang ganoong mga tao o mga manggagawa ay mga taong nagpapalugod sa mga tao at sila'y hindi natatakot sa Diyos. Upang matakot sa Diyos ay maglingkod ng maayos dahil alam mo na ang Diyos ay nagmamasid sayo.Sa gayon ayon sa talata 23 anuman ang iyong gawin gawin ito sa Panginoon, ito'y nangangahulugan kailangan mong gawin ang iyong pinakamabuti, sapagka't ayon sa talata 24 sa ganoong uri ng mabuting paglilingkod ikaw ay naglilingkod kay Cristo at iyong matatangap ang mamanahin sa Langit mula sa Panginoon. Ngunit kapag ikaw ay

gumawa ng mali at hindi nagbigay ng mabuting serbisyo, ayon sa talata 25 matatanggap mo ang maling ginawa mo maging sinuman ka man sapagkat ang Panginoon ay walang itinatangi.

Sa ating paglilingkod sa Diyos kailangang gamitin nating ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na ibinigay sa atin ng Diyos. Gaya ng iniligtas tayo ng Diyos sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon. Pinatunayan Niya yaon sa mga palatandaan at kababalaghan at ipinamahagi ang mga kaloob ayon sa Kanyang kalooban upang tayo'y makapaglilingkod sa Buhay na Diyos. "4 Na pawang sinasaksihan naman ng Dios na kasama nila, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, at ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang sariling kalooban." (Hebreo 2:4)

Dapat ang simbahan ay gawin din ang kalooban ng Diyos. Ipinahayag ni Moises na siya ay umuupo bilang tagahatol para sa mga tao na lumalapit, hinahanap mula sa kanya ang kalooban ng Diyos. "15 At sinabi ni Moises sa kaniyang biyanan, Sapagka't ang bayan ay lumalapit sa akin, upang sumangguni sa Dios. 16 Pagka sila'y may usap ay lumapit sa akin; at aking hinahatulang isa't isa, at aking ipinakikilala sa kanila ang mga palatuntunan ng Dios, at ang kaniyang mga kautusan." (Exodu 18:15-16) Ipinapahayag ni Moises sa mga tao ang kalooban ng Diyos sa pagsasabi sa kanila ng kalooban ng Salita ng Diyos at ng Kanyang mga alintuntunin. Ang kagaya ng ginawa ni Pablo sa simbahan ng mga taga Epeso, at ito ang kanyang sinalita sa kanyang pagpapaalam sa kanila: "18 At nang sila'y magsidating sa kaniya, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman ninyo, na mula nang unang araw na ako'y tumungtong sa Asia, kung paano ang pakikisama ko sa inyo sa buong panahon, 19 Na ako'y naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba ng isip, at ng mga luha, at ng mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pagbakay ng mga Judio; 20 Kung paanong hindi ko ikinait na ipahayag sa inyo ang anomang bagay na pakikinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay, 21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo. 22 At ngayon, narito, ako na natatali sa espiritu ay pasasa Jerusalem, na hindi nalalaman ang mga bagay na mangyayari sa akin doon: 23 Maliban na pinatotohanan sa akin ng Espiritu Santo sa bawa't bayan, na sinasabing ang mga tanikala at ang mga kapighatian ay nagsisipagantay sa akin. 24 Datapuwa't hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang aking katungkulan, at ang ministeriong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo ng evangelio ng biyaya ng Dios.25 At ngayon, narito, nalalaman ko na kayong lahat, na aking nilibot na pinangaralan ng kaharian, ay hindi na ninyo muling makikita pa ang aking mukha. 26 Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao. 27 Sapagka't hindi ko ikinait ang pagsasaysay sa inyo ng buong kapasiyahan ng Dios." (Mga Gawa 20:18-27)

Paulit ulit na tinukoy ni Pablo sa maraming sulat na siya ay isang apostol ayon sa kalooban ng Diyos, gaya ng ating babasahin dito, "1 Si Pablo, na apostol ni Jesucristo sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, at ang kapatid nating si Timoteo," (Colosas 1:1) Bilang simbahan ang ating tungkulin ay ipahayag ang buong kalooban ng Diyos sa mga taong nakapaligid sa atin at sa mga disipolo at sa mga mananampalataya na ipinagkatiwala ng Diyos sa ating pangangalaga.

Ang espirituwal na mga kaloob at ang pagpapahid na ibinigay ng Diyos sa atin upang ipagpatuloy ang gawain ng mga apostol na ang Panginoon ang nagpasimula sa pamamagitan ng Kanyang mga apostoles, at ipagpatuloy na ipahayag ang mensahe at gampanan ang mga tungkuling ng ministeryal na ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon.

"34 Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa." (Juan 4:34) Tayo ay tinawag upang patuloy na magebanghelyo, gumawa ng mga alagad, at magmalasakit sa mga kapisanan na itinanim ng Panginoon, pagpapahayag kasama ng ating Panginoon at Tagapagligtas na Si JesuCristo, ang pagkain ko ay gawin ang kalooban nang sa aki'y nagsugo at tapusin ang kanyang gawa.

Sa aking mahal at minamahal: sinabi ni Jesus, "17 Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:17) Ating pagisipan ang mensahe at pagisipan ang lahat ng mga katuruan na ating natanggap mula kay Jesus at ilapat sa iba't ibang aspeto sa ating mga buhay upang maranasan natin ang mabuti, kaaya aya at ang ganap na kalooban ng Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sayo para sa pagpapahayag sa akin ng iyong kalooban sa isang mas malinaw at malalim na paraan.

Ating talikuran ang ating mga kasalanan at pagkakamali. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan. Panginoon linisin ang aking isipin at dalisayin ako mula sa lahat ng kalikuan. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na gawin ang iyong kalooban at tapusin ang gawain ayon sa iyong utos sa akin sa pamamagitan ng mensaheng ito. Panginoon paging dapatin mo at maglaan para sa akin Panginoon at bigyan ako ng pagpapahinuhod at pagtitiyaga upang kamitin ang lahat ng yaon.

Panginoon ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae at paging dapatin sila na makita ang iyong kabutihan sa pamamagitan ng iyong Salita na ipinadala sa akin upang dalhin sa kanila ang mabuting buhay at buhay na ganap. Panginoon bigyan sila ng kahandaan upang mabago at gawin ang mismong mga bagay na nais mo sa kanila upang gawin. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at pangunahan sila na maging mabuting mga halimbawa sa mga taong nakapaligid sa kanila at sa buong sanglibutan.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin bilang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at upang magawa ang gawain na iniaatang mo sa amin upang gawin para sayo. Panginoon paginhawain kami, bigyan kami ng kaunawaan at karunungan, palakasin kami at bigyan kami ng kapayapaan. Panginoon pusposin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming mga buhay. Panginoon paging dapatin kami makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon pusposin kami ng iyong pagibig, awa at paging dapatin kami makapagtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay , at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com